Q&A

RSV, trangkaso, at COVID sa King County

Ano ang dapat kong malaman?

Public Health
Seattle & King County

Q

Bakit nag-aalala ang Pampublikong Kalusugan tungkol sa RSV, trangkaso, at COVID ngayong taglamig?

A

Ngayong taglagas, nagkaroon ng maraming mga kaso ng RSV at trangkaso na nangangailangan ng mga pagbisita sa emergency room – lalo na para sa mga maliliit na bata. Maaari din tayong makakita ng mas maraming kaso ng COVID at pagkaka-ospital ngayong taglamig habang panloob na nagtitipon ang mga tao at kumakalat ang mga bagong baryante ng COVID.

Ang mga sakit na ito ay maaaring magdulot ng malalang karamdaman sa mga maliliit na bata, mga matatanda, at mga may mahinang resistensiya, at maaaring pumuno nang labis sa mga ospital at klinika.

Q

Ano ang RSV?

A

Ang RSV ay isang karaniwang bayrus sa panghinga na kumakalat tuwing taglamig. Sinuman ay maaaring makakuha ng RSV, ngunit sa taong ito ay nakakakita tayo ng maraming mga kaso sa mga maliliit na bata.

Para sa mga malulusog na mga matatanda at mas matatandang mga bata, ang RSV ay maaring makaramdam ng sipon na may mga sintomas gaya ng tumutulong sipon, kawalan ng gana sa pagkain, pag-ubo, at lagnat. Ngunit maaari itong maging malalang sakit para sa mga sanggol, matatanda, at iba pa.

Q

Paano ko maproprotektahan ang aking sarili at iba?

A

Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit—kahit pa kung ikaw ay nagnegatibo para sa COVID-19—dahil maaaring ikaw ay may trangkaso o RSV.

Magsuot ng mataas na kalidad at lapat na maskara sa mga panloob na pampublikong lugar at hugasan ang iyong mga mga kamay nang madalas para makatulong na maprotektahan laban sa tatlong uri ng bayrus.



Q

Kailangan ko ba ng bakuna sa trangkaso at isang na-update na COVID booster?

A

Oo! Ang pagkuha ng bakuna sa trangkaso at na-update na COVID booster ngayon ay makatutulong sa iyong proteksiyon at sa pag-iwas sa pagpapa-ospital. Ang mga taong nasa edad 5 pataas na huling nabakunahan ng COVID kahit na dalawang buwan na ang nakalipas ay maaaring makakuha ng na-update na COVID booster.

Lahat ng nasa edad 6 na buwan pataas ay dapat magpabakuna sa trangkaso bawat taon. Sa kasamaang palad, wala pang magagamit na bakunang RSV.

RSV, TRANGKASO, AT COVID – MGA DAPAT MALAMAN

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:
kingcounty.gov/vaccine
(sa Ingles)

Maghananap ng klinikang may bakuna sa trangkaso: **kingcounty.gov/findaclinic**